Headline	Isla sa Calabarzon target gawing TB-free
MediaTitle	Abante Online (www.abante.com.ph)
Date	09 May 2019
Section	NEWS
Order Rank	2
Language	English
Journalist	N/A
Frequency	Daily

Isla sa Calabarzon target gawing TB-free

ISANG Isla sa Cavite Laguna Batangas Rizal Quezon (Calabarzon) ang gagawing eksperimento ng Department of Health (DOH) na kauna-unahang Tuberculosis (TB) free sa rehiyon.

Ayon kay DOH-Calabarzon Regional Director Eduardo Janairo na napili nila ang Isla Tingloy sa Batangas na gaga-wing eksperimento na kauna-uanahang TB free dahil isa ito sa lugar sa Calabarzon kung saan mataas ang kaso ng TB at patuloy pang tumataas.

Sa datos, mayroong 69 pasyente sa isla na positibo sa sakit na TB at mayroon pang 21 dito na positbo at ina-identified pa mula Enero hanggang Abril 30 ng taong kasalukuyan.

Paliwanag ni Janiaro na ang Ting-loy ay isang Isla, presko ang simoy ng hangin subalit mataas pa rin ang kaso ng TB at kung dito ilulunsad ang kauna-unahang TB free program ay mas madaling hanapin ang mga pasyente at mabilis silang gagamutin.

Upang maging TB free ang Ting-loy Island, nagsagawa ng TB scree-ning sa isla mula sa bata hanggang sa matatanda, sinuri at ginagamot upang tuluyang hindi na kumalat pa ang impeksiyon sa komunidad.(Gene Adsuara)